Marilyn O. G.
ATD Fourth World
Méry sur Oise
October 17, 2003

Ako’y sumasaksi sa pinakamahihirap na pamilya na aking kilala sa Pilipinas.
Sila ang mga pamilyang nakatira sa tabi ng highway, sa gilid ng isang kanal, sa ilalim ng isang tulay at sa loob isang sementeryo.
Tinanggap nila ako, kasama ng mga libro at banig na dala ko tuwing linggo para sa Aklatan sa Kalye sa kanilang lugar.

Ako’y sumasaksi sa maraming bata na napipilitang huminto sa pag-aaral dahil hindi na nila matiis na makita ang mga magulang nila sa paghihirap.
Isang batang lalaki na nakatira sa tabi ng isang kanal, tuwing hapon, ang kanyang bag na pamasok sa eskwela na puno ng aklat ay nagiging bag na puno ng basahan upang ibenta sa mga nagmamaneho ng jeep.
Ginagawa niya ito dahil nais niyang matulungan ang kanyang ina sa mga gastusin nilang magkakapatid sa paaralan.

Ako’y sumasaksi sa mga magulang na ang pang araw-araw na buhay ay puno ng pag-aalala kung paano mairaraos ang kanilang pamilya.
Isang ina na tumatanggap ng labada araw-araw upang tuwing umaga ang kanyang apat na anak ay may agahan at pambayad sa mga proyekto sa paaralan.
Sabi niya na mahirap matuto ang isang bata kung walang laman ang kanyang tiyan.

Isang ama ang napilitang ibenta ang kanyang bisekleta upang ang kanyang limang anak ay magkaroon ng ilang gamit sa eskwela at makapasok sa paaralan .
Ang bisekletang ito ang tanging pag-aari niya na tumutulong sa kanya upang hindi na mamamasahe sa araw-araw na pagpasok sa trabaho.
Ang sabi niya, ***Mahalaga para sa akin ang bisikleta ngunit mahal ko ang aking mga anak.***

Ilan sa mga magulang na ito ay hindi nakatapos ng pag-aaral noong sila ay bata pa.
Ang iba naman ay hindi kailan man naka-tungtong sa paaralan.
Isang nanay na sa harap ng kanyang mga anak na nahihirapan sa pag-aaral at maaaring hindi sila makapagpatuloy, ang nagtanong,
<***Kung hindi ka marunong magsulat o magbasa, paano mo matutulungan ang iyong mga anak upang sila ay makapagpatuloy sa pag-aaral?***>
<***Kung kailanman ay hindi ka natuto ng anumang kakayahan, paano ka makakahanap ng permanenteng trabaho at maipagmalaki ito?***>
Sa mga tanong na ito, malinaw na ang hiling niya ay hindi awa kundi pang-unawa.

Ako’y sumasaksi sa lahat ng pinakamahihirap na pamilya na patuloy sa pakikibaka araw-araw upang sila ay makalakad ng taas-noo.
Walang sino man, maging mismo ang pinakamahihirap, ang nagnanais na manatili sa kahirapan.
Wala akong gaanong yaman upang ilaalay sa mga pamilyang ito,
Kundi ang buo kong sarili, ang aking pagnanais na makasama sila
Na kahit sa pinakamadilim na kondisyon ng kanilang buhay, ito ay magkahawak-kamay naming haharapin.